Kaya tunay na ukol sa iyo ang minithi mo at ang tulad nito kasama nito."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: {Tunay na ang pinakamababang kaluluklukan ng isa sa inyo mula sa Paraiso ay na magsabi [si Allāh] sa kanya: "Magmithi ka!" Kaya magmimithi siya at magmimithi siya saka magsasabi [si Allāh] sa kanya: "Nagmithi ka ba?" Kaya magsasabi siya: "Opo." Kaya magsasabi [si Allāh] sa kanya: "Kaya tunay na ukol sa iyo ang minithi mo at ang tulad nito kasama nito."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamababa at ang pinakamaliit sa katayuan at rangko ng sinumang pumasok sa Paraiso ay na magsabi [si Allāh] sa kanya: "Magmithi ka!" Kaya magmimithi siya at magmimithi siya hanggang sa walang matira sa kanya na isang mithi malibang nakabanggit siya nito, saka magsasabi [si Allāh] sa kanya: "Nagmithi ka ba?" Kaya magsasabi siya: "Opo." Kaya magsasabi [si Allāh] sa kanya: "Kaya tunay na ukol sa iyo ang minithi mo at ang tulad nito kasama nito."

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8342